# 175TH STREET CORRIDOR IMPROVEMENTS PROJECT

CITY OF SHORELINE

Mga Madalas Itanong | Taglagas 2020

## Tungkol sa Daanan sa 175th Street ng Shoreline

### Bakit mahalaga ang 175th Street at bakit nito kailangan ng mga pagpapahusay?

Ang daanan sa 175th Street daanan ay isa mga pinakaaktibong daanan ng Shoreline mula silangan hanggang kanluran na kumokonekta sa mga pinakamataong daan mula hilaga hanggang timog: State Route 99/Aurora Avenue N, Interstate 5, at 15th Avenue NE. Kailangan ang mga pagpapahusay sa Daanan sa 175th Street mula sa Stone Avenue N at I-5 upang suportahan ang paglago sa hinaharap, panatilihing ligtas ang pagbibiyahe at suportahan ang mga istasyon ng tren na magbubukas sa 148th street at 185th street. Ang kabuuang layunin ay gawing mas madali, mas ligtas, at mas maaasahan ang madalas na dinadaanan na daanang ito para sa mga taong naglalakad, gumagamit ng wheelchair, nagtutulak ng stroller, nagbibisikleta, nagmamaneho at bumibiyahe.

### Ano na ang nakumpleto para matukoy ang mga kinakailangang pagbabago sa N 175th Street at anong klaseng mga pagpapahusay ang gagawin ninyo sa daanan?

Nagtatrabaho kami upang matukoy ang mga pangangailangan sa transportasyon para matugunan ang mga kailangan ng ating lumalaking komunidad. Bago pa namin sinimulang pag-isipan ang disenyo ng proyekto para sa Daanan sa 175th Street, inaaral na ng aming pangkat ang mga pattern ng daloy ng trapiko, sinusuri ang mga pangangailangan ng kaligtasan, at tinitingnan kung paano gagawing mas madali para sa mga taong naglalakad, gumagamit ng wheelchair, nagtutulak ng stroller, nagbibisikleta, nagmamaneho, at bumibiyahe na gamitin ang lahat ng ating daanan ng trapiko. Nakatulong ang mga mungkahi ng mga residente para sa ibang proyekto sa lugar na tukuyin ang mga priyoridad ng Lungsod at nakatulong ito sa pagtukoy ng 175th Street daanan bilang isang priyoridad na proyekto sa Pangkalahatang Plano sa Transportasyon (Transportation Master Plan) ng Lungsod noong 2011. Natutugunan ng proyektong ito ang marami sa ating mga layunin sa transportasyon na tinukoy sa Elemento ng Transportasyon sa Komprehensibong Plano (Comprehensive Plan Transportation Element) noong 2012 at sa Patakaran sa Mga Kumpletong Kalsada (Complete Streets Policy), kung saan kabilang ang paggawa ng mas maraming mapagpipilian sa pagbibiyahe, pagbibisikleta at paglalakad.

## Mga draft na konsepto ng disenyo

### Anong mga disenyo ang ipinapanukala ng Lungsod?

Bumuo kami ng dalawang draft na konsepto ng disenyo na sumasalamin sa feedback na natanggap namin noong nakaraang tagsibol (2019) mula sa mga taong nakatira sa kahabaan ng daanan, mga lokal na negosyo, mga organisasyon sa komunidad, at mga taong bumibiyahe sa N 175th Street. Ang pangunahing feedback na narining namin ay ang pagkumpleto sa network ng bangketa sa kahabaan ng daanan, bawasan ang pagsisikip ng trapiko, at mas paghusayin ang kaligtasan ng mga taong dumadaan, lalo na

para sa mga mag-aaral. Bilang karagdagan sa pakikinig sa feedback ng komunidad, nagdaos kami ng mga pag-aaral upang matukoy ang dami ng trapiko at oras ng paghihintay sa mga sangandaan, kasaysayan ng banggaan, ang kalidad ng kasalukuyang pasilidad para sa bisikleta at mga taong dumadaan, at kasalukuyang mga tampok ng daanan na maaaring makaapekto sa mga pagpapahusay sa hinaharap. Tutulong sa amin ang lahat ng salik na ito na matukoy kung anong mga pagpapahusay ang dapat gawin sa daanan.

Nakabuo kami ng dalawang draft na konsepto ng disenyo para sa daanan. May ilang pagpapahusay na gagawin sa daanan anuman ang mapili nating konsepto ng disenyo, kabilang ang pagkumpleto sa network ng bangketa, mas mahahabang linya ng likuan patungo sa timog na Meridian Avenue N at I-5 N, paglalakip ng mga plano ng Lungsod na bumuo ng mga pasilidad para sa bisikleta sa Meridian Avenue N, isang kitang-kitang tawiran sa Wallingford Avenue N, pagpapanatili ng mga kasalukuyang kaayusan ng linya sa dalawang daanan ng sasakyan sa bawat direksyon, at pagla-landscape.

Kabilang sa unang konsepto ng disenyo ng daanan (konsepto A) ang daanan na ginagamit ng lahat sa parehong panig ng kalsada, naka-hardscape o bahagyang naka-landscape na median, at naka-hardscape o bahagyang naka-landscape na mga buffer sa pagitan ng daanan na ginagamit ng lahat at mga linya ng trapiko upang mas mapahusay ang kaligtasan ng lahat ng gumagamit. Magdadagdag rin ang konseptong ito ng bagong tawiran para sa mga taong dumadaan sa Ashworth Avenue N. Ang median sa gitna ng daan ay 6-talampakang lapad na maghihiwalay sa linyang patungo sa silangan at sa linyang patungo sa kanluran upang mas mapahusay ang kaligtasan ng mga taong nagmamaneho, at gumagawa ito ng mas ligtas na espasyo para makahinto ang mga taong tumatawid kung hindi nila kayang diretsong tumawid sa N 175th Street. Hindi kasama ang tawirang ito sa konsepto B, dahil hindi kabilang dito ang median sa gitna. Kabilang sa ikalawang konsepto (konsepto ng disenyo ng daanan B) ang buffered na linya ng bisikleta sa kalye, mga bangketa, at naka-landscape na buffer sa pagitan ng linya ng bisikleta at bangketa sa parehong panig ng kalsada. Bumuo rin kami ng mga konsepto para sa rotonda at na-update na may signal na sangandaan sa N 175th Street at Meridian Avenue N. Para sa karagdagang detalye at cross-section ng mga konsepto ng disenyo, tingnan ang fact sheet ng aming proyekto.

### Paano ninyo pinagpasyahan ang lapad ng mga bangketa/daanang ginagamit ng lahat?

Tinutukoy sa Appendix F – Street Matrix ng Engineering Development Manual ng Lungsod ang isang espesipikong cross-section ng daanan para sa N 175th Street. Ginamit namin ang gabay na ito bilang panimulang punto upang makabuo ng dalawang alternatibo na iniharap namin sa publiko noong tagsibol at tag-araw ng 2020. Nagtatatag ang Engineering Development Manual ng Lungsod ng mga batayan ng disenyo, pamantayan, at mga tagubilin para sa mga kumpletong kalsada batay sa kinilalang pinakamahuhusay na gawain at wastong prinsipyo ng engineering sa disenyo ng kalsada, konstruksyon, at mga operasyon. Kabilang sa kinilalang pinakamahuhusay na gawain ang pinakakasalukuyang edisyon ng mga tagubilin, pamantayan, at mga gawain na binuo ng American Association of State Highway Transportation Officials (AASHTO), Washington State Department of Transportation (WSDOT), Institute of

Transportation Engineers (ITE), Federal Highway Administration, United States Access Board, at National Association of City Transportation Officials (NACTO).

### Anong mga klase ng pagpapahusay ang ginagawa ninyo para sa mga bisikleta?

Nakatuon ang Lungsod ng Shoreline sa pagbibigay ng ligtas na pagbibiyahe at pag-access para sa lahat ng gumagamit sa pamamagitan ng aming Programa ng mga Kumpletong Daan (Complete Streets Program), kung saan kabilang sa mga proyekto ng muling pagtatayo ang pagbibigay ng mga elemento para sa mga taong naglalakad, gumagamit ng wheelchair, nagtutulak ng stroller, nagbibisikleta, nagmamaneho at sumasakay sa transit. Isasama ng anumang pagpapahusay na ginagawa sa Daanan sa 175th Street ang ligtas na access para sa mga taong nagbibisikleta at may kasamang mga koneksyon sa kasalukuyan at panghinaharap na mga pasilidad para sa bisikleta. Tingnan ang aming mga konsepto ng disenyo sa fact sheet ng proyekto para sa karagdagang detalye tungkol sa mga pasilidad para sa bisikleta.

### Bakit hindi ninyo binabago ang kasalukuyang bilang ng mga daanan ng sasakyan sa daanan?

Ipinapakita ng pagmomodelo sa trapiko na ang pagpapanatili ng kasalukuyang kaayusan ng linya sa daanan ay makakatugon sa mga pangangailangan ng trapiko sa hinaharap. Magiging mas maayos ang daloy ng trapiko sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kahusayan ng sangandaan ng Meridian Ave N (pinagbuting sangandaan na may signal o rotondang sangandaan) at sa pagpapahaba ng kaliwang likuan sa I-5 N. Yamang isa ang daanan sa 175th Street sa mga pinakamataong kalsada ng Shoreline, hindi maaaring gawing isang linya lamang ang daanan sa alinmang direksyon.

### Bakit nagsasaalang-alang ng disenyong rotonda ang Lungsod?

Kahilingan ng Estado ng Washington at Lungsod ng Shoreline na masuri ang mga rotonda bilang opsyon para gawing standard ang mga may signal na sangandaan sa anumang bagong proyekto ng pagpapahusay ng sangandaan. Maaaring mas mapahusay ng mga rotonda ang kaligtasan, mabawasan ang mga pagkaantala, at mabawasan ang mga polusyon sa hangin at polusyon ng ingay, at may mababang gastusin sa patuloy na pagpapanatili. Mababasa mo ang higit pa tungkol sa mga pakinabang ng mga rotonda sa seksyon ng Rotonda sa webpage ng Mga Serbisyo sa Transportasyon ng Lungsod. Sa sangandaan ng N 175th Street at Meridian Avenue N, nagbibigay ng pakinabang ang rotonda para sa daloy ng trapiko (nagbabawas ng pagkaantala), kaligtasan sa transportasyon, at oportunidad para sa pag-landscape.

### Paano maaapektuhan ng rotonda ang kaligtasan ng mga taong gumagamit ng tawiran?

Mas mabagal ang pagpapatakbo sa isang rotonda. Dapat na bawasan ang bilis at maging 20 – 25 mph, kumpara sa may signal na sangandaan kung saan hindi kailangang bawasan ang bilis kung papalapit sa ilaw na naka-berde. Dahil sa binawasang bilis, mas malamang na hindi lubhang maaksidente ang mga taong nagdadaan, nagbibisikleta, gumagamit ng wheelchair, o nagtutulak ng stroller. Ipinapakilala rin ng rotonda ang mas maiikling tawiran na may kanlungan sa gitna para sa mga taong naglalakad patawid, gayundin ang isang nagpa-flash na mga ilaw sa tawiran na ginagawang aktibo ng mga dumadaan upang bigyan ng alerto ang mga drayber kapag tumatawid ang mga tao.

## Pag-landscape

### Anong klaseng pag-landscape ang pinag-iisipan ng Lungsod?

Hihingi kami sa inyo ng feedback at pagpapasyahan ang mga elemento ng pagpapaganda sa lupa pagkatapos naming mabuo ang piniling konsepto gamit ang inyong feedback sa dalawang konsepto ng disenyo. Lahat ng konsepto ay may ilang oportunidad para sa pag-landscape (hal. mga puno, palumpong, halamang pantakip sa lupa, at iba pang halaman) at disenyo ng pag-streetscape (kung paano natin idinidisenyo ang ating pisikal na kapaligiran upang lumikha ng diwa ng lugar) sa daanan kabilang ang nakatanim na mga landscape buffer sa pagitan ng bangketa at daan at ilang median sa gitna ng daan.

### Paano ninyo pananatilihin ang pag-landscape?

Makikipagtulungan ang pangkat ng nagdidisenyo sa pangkat ng Lungsod sa pag-landscape at pagpapanatili para isaalang-alang ang kombinasyon ng mga elemento ng hardscape, mga puno, at mga halamang aprubado ng Lungsod na madaling panatilihin at sustainable. Mahahalagang layunin ng proyekto ang nabawasang pagdidilig, pagpupungos, at pagdadamo sa loob ng mga landscape buffer. Para masiguro ang kaligtasan, titiyakin namin na ang mga palumpong at halamang pantakip sa lupa ay mababa ang pagtubo upang mapanatiling malawak ang natatanaw sa mga daanan ng sasakyan at sangandaan.

## Mga epekto sa daanan

### Ano ang mga inaasahang epekto ng proyekto sa mga ari-arian na malapit sa daanan?

Maaaring maapektuhan ang ilang ari-arian na nasa hangganan o malapit sa N 175th Street upang magbigay-daan para sa mga pagpapahusay sa kalsada at bangketa. Sinimulan namin ang mga pakikipag-usap sa mga may-ari at umuupa tungkol sa mga posibleng epekto sa ari-arian noong tagsibol 2019. Ngayong mayroon na kaming mga konsepto ng disenyo, ipinagpapatuloy namin ang mga pakikipag-usap sa mga may-ari at umuupa upang ibahagi ang karagdagang detalye tungkol sa mga posibleng epekto. Patuloy na makikipagtulungan ang Lungsod sa indibidwal na mga may-ari ng ari-arian sa kahabaan ng daanan habang patuloy na gumagawa ang pangkat ng proyekto ng progreso sa disenyo ng daanan.

Kabilang sa mga posibleng epekto sa mga ari-arian ang bahagya at buong pagbili sa ari-arian o mga epekto sa daanan ng sasakyan at pag-access. **Hindi naaapektuhan ng mga konsepto ng disenyo ang lahat ng ari-arian sa daanan. Gayunman, nagsasangkot ang lahat ng draft na konsepto ng disenyo ng ilang epekto sa maraming kalapit na mga ari-arian.** Sa kasalukuyan, walang pagpopondo ang Lungsod upang itayo ang proyekto, kaya hindi pa tukoy ang timeline para sa konstruksyon at kaugnay na mga epekto. Gayunman, sa tagsibol 2024 ang pinakamalapit na panahong maaasahan ninyo upang makumpleto ng Lungsod ang pagbili sa ari-arian at simulan ang konstruksyon.

### Paano maaapektuhan ng mga pagpapahusay ang bilis ng pagbibiyahe sa daanan?

Sinuri namin ang daloy ng trapiko sa daanan upang matulungan kaming maunawaan ang lagay ng trapiko ngayon at kung ano ang magiging lagay nito sa 2040 nang walang pagpapahusay. Inaasahan naming

makita ang pagtaas sa bilang ng trapiko ng humigit-kumulang 11% sa N 175th Street pagdating ng 2040. Hindi namin inaasahan ang anumang pagbabago sa bilis sa pagbibiyahe na ang tanging salik lang ay ang sangandaan sa N 175th Street at Meridian Ave N. Layunin ng disenyo ng rotonda na pabagalin ang mga papalapit na sasakyan dito sa bilis na naaangkop upang matagumpay na makapagmaneobra sa buong rotonda. Samantala, maaaring hindi mangailangang bumagal kung berde na ang signal ng trapiko para sa paggalaw na iyon, o maaaring mangailangan ng ganap na paghinto at pagkaantala kung pula ang signal. Ang mga pagpapahusay sa sangandaan na ipinapanukala sa N 175th St at Meridian Ave N, rotonda man o signal, ay magbabawas ng pagkaantala sa sangandaan na ito, na bahagyang makakabawas sa oras na ginugugol upang makabiyahe sa buong daanan kapag inihambing sa walang isasagawang pagpapahusay.

### Paano ninyo naaapektuhan ang mga puno sa daanan?

Halos pareho ang footprint ng dalawang konsepto ng disenyo at inaasahan na humigit-kumulang pareho ang magiging epekto nito sa mga kasalukuyang puno. Layunin naming protektahan at iligtas ang kasalukuyang malulusog na puno hangga't maaari. Kakailanganing alisin ang mga puno mula Meridian Avenue hanggang I-5 dahil sa sirang naidulot ng mga punong ito sa kasalukuyang bangketa. May arborista ang pangkat ng proyekto na magtatrabaho upang suriin ang mga kasalukuyang puno kapag nabuo na ang piniling konsepto ng disenyo. Pipili ng mga bagong puno upang tugunan ang mga aktibidad gaya ng pagbibisikleta, paglalakad, at pagmamaneho.

### Paano maaapektuhan ang transit sa daanan?

Sinuri namin ang kasalukuyang ruta ng transit sa daanan at sa buong lugar. Kabilang sa mga nirepasong ruta ang King County Metro Rapid Ride E Line at mga rutang 301, 303, 316, 346, at 373. Batay sa aming mga kasalukuyang konsepto ng disenyo, baka kailanganin naming i-adjust ang ilang himpilan ng bus, pero wala kaming nakikini-kinitang anumang malaking epekto. Gayunman, sa pagbubukas ng Northgate sa 2021 at Lynnwood Link Extensions sa 2024, maaaring ibahin ng King County Metro ang estruktura ng ilan sa mga serbisyo nito upang magbigay ng mga koneksyon sa mga bagong opsyon na ito ng transit sa ilalim ng North Link Connections Mobility Project. Patuloy na makikipag-ugnayan ang Lungsod sa King County Metro habang umuusad ang disenyo.

### Maaapektuhan ba ng proyekto ang Ronald Bog at Ronald Bog Park?

Nakatuon kami sa pangangalaga ng kalapit na Ronald Bog, Ronald Bog Park, at iba pang likas na lugar. Ang N 175th Street at Meridian Avenue N kung saan maraming bumabiyahe ay direktang katabi ng Ronald Bog at ang pasukan ng parke ay nasa N 175th Street sa pagitan ng Meridian Avenue N at I-5. May mga natatanging hayop at natural na elemento sa lugar na ito. Ibig sabihin, dapat kaming mag-ingat para mapangalagaan sila habang binubuo ang disenyo ng proyekto at isinasagawa ang proyekto. Gusto rin naming tiyakin na manatiling mahalagang bahagi ng komunidad ang Parke, kung saan maaaring magtipon ang mga miyembro ng komunidad para makalapit sa tubig at maglibang kasama ang mga natural na elemento. Kamakailan lang, nakumpleto ng Sound Transit ang trabaho sa Ronald Bog Park upang maipanumbalik at mapahusay ang mga latian ng Bog para mabawasan ang mga epekto ng konstruksyon

ng tren. Opisyal nang bukas ngayon ang parke para sa publiko. Hindi nauugnay ang trabahong ito sa Shoreline 175th Street Corridor Improvements project.

## Pakikipag-ugnayan sa komunidad

### Paano ninyo ipagpapatuloy ang pakikipag-ugnayan sa komunidad sa buong proseso na ito?

Nakatuon kami sa makabuluhan at nakikipagtulungang pakikilahok ng publiko. Sa buong proseso ng pagdisenyo, magkakaroon ang publiko ng mga pagkakataong magbigay ng maaga at patuloy na feedback sa mahahalagang kaganapan.

Upang maunawaan ang mga pangangailangan at ideya ng komunidad para sa kinabukasan ng daanan, nakipag-usap kami sa mga organisasyon sa komunidad, mga may-ari at umuupa ng ari-arian, may-ari ng negosyo, at mga taong bumibiyahe sa daanan noong tagsibol 2019 (Yugto 1 ng outreach). Nakipagkita kami sa Shoreline School District, Meridian Park Elementary, Aurora Community Church, at maraming iba pang stakeholder. Nagkaroon din kami ng matatag na pakikilahok ng komunidad sa aming personal at online na open house. Nakipagkita rin kami sa mga naninirahan sa kahabaan ng daanan sa aming drop-in session para sa mga may-ari at umuupa.

Noong tagsibol at tag-araw 2020 (Yugto 2 ng outreach), ibinahagi namin ang dalawang konsepto ng disenyo na binuo namin batay sa mga teknikal na pagsusuri at feedback ng komunidad na narinig namin noong tagsibol 2019. Sa yugtong ito ng pakikipag-ugnayan, ibinahagi namin ang mga konsepto ng disenyo sa mga organisasyon sa komunidad, mga may-ari at umuupa ng ari-arian, may-ari ng negosyo, at mga taong bumibiyahe sa daanan. Nakipagkita kami sa maraming magkakalapit na may-ari ng ari-arian, Shoreline School District, Meridian Park Elementary, at Aurora Community Church. Inilunsad ang isang survey site para sa online na pakikipag-ugnayan upang kumalap ng feedback at pinamunuan ng pangkat ng proyekto ang isang online na pampublikong pagpupulong (webinar) upang talakayin ang proyekto at sagutin ang mga tanong.


Magbabalik kami sa 2021 upang ibahagi sa publiko ang piniling konsepto ng disenyo. Manatiling updated sa proyekto sa pamamagitan ng pag-sign up para sa Shoreline Alerts sa webpage ng aming proyekto sa shorelinewa.gov/175daanan.

## Timeline at iskedyul ng proyekto

### Ano ang timeline ng proyekto?

Sinimulan namin ang Yugto 1 ng proyekto noong Abril 2019 upang pag-aralan ang mga kasalukuyang kondisyon at kumalap ng impormasyon tungkol sa daanan. Batay sa impormasyong nakolekta namin sa Yugto 1, bumuo kami ng mga konsepto ng disenyo na ibinahagi namin sa publiko noong Yugto 2 nitong tagsibol/tag-araw 2020. Ginagamit namin ang feedback na natanggap namin noong Yugto 2 upang mapagbuti ang mga draft ng konsepto ng disenyo patungo sa isang piniling konsepto ng disenyo.

Pinaplano naming ibahagi ang piniling konsepto sa komunidad sa 2021. Maaari mong tingnan ang timeline ng pampublikong pakikipag-ugnayan at kung paano ito nauugnay sa yugto ng disenyo sa iskedyul ng proyekto sa ibaba.




**Ano ang susunod na gagawin ng Lungsod?**

Noong Yugto 2 ng pakikipag-ugnayan sa publiko ng proyekto, ibinahagi namin sa inyo ang mga draft na konsepto ng disenyo at tinalakay ang pangunahing pamantayan sa pagsusuri at hiniling namin ang inyong feedback. Ginagamit namin ang feedback na narinig namin at natanggap upang bumuo ng isang piniling disenyo. Ihaharap ang piniling konsepto sa Konseho ng Lungsod sa Enero at kasunod ng pag-apruba ng Konseho, pinaplano naming ibahagi ang piniling disenyo sa komunidad sa tagsibol 2021.

## Makipag-ugnayan sa amin

Para sa karagdagang impormasyon ng proyekto, bisitahin ang shorelinewa.gov/175daanan


Leif Johansen
City of Shoreline, Project Manager
ljohansen@shorelinewa.gov
(206) 801-2489


Si le gustaría comunicarse con la Ciudad de Shoreline o revisar un documento en otro idioma, por favor envíe su solicitud junto con su información de contacto a la dirección de correo electrónico a continuación o llame al (206) 801-2700.

您若希望與 Shoreline 市展開交流或 閱讀以其他語言寫成的文檔， 請寄送您的請求及您的連絡資訊至下方所示的電子郵件地址，或撥電話 (206) 801-2700。

쇼어라인시(City of Shoreline)로 연락이요하시거나 문서를 다른 언어로 보시려면 연락 정보와 함께 요청 사항을 아래 이메일로 보내시거나 (206) 801-2700으로 전화해 주십시오.

Nếu quý vị muốn liên lạc với Thành Phố Shoreline hoặc muốn xem một tài liệu bằng ngôn ngữ khác, xin gửi yêu cầu của quý vị cùng với thông tin liên lạc đến địa chỉ email dưới đây hoặc gọi điện thoại số (206) 801-2700.

Kung nais niyong makipag-usap sa Lungsod ng Shoreline o rebyuhin ang dokumento sa ibang wika, pakipadala ang inyong kahilingan kasama ang impormasyong pagkokontakan sa inyo sa email address sa ibaba o tawagan ang (206) 801-2700.
Email: clk@shorelinewa.gov